**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 1, 107-121




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Diskurso ng wika sa social media: Isang kritikal na pagsusuri sa wika

Guantero, Norelyn
*Macalaya National High School, Philippines (norelyn.esquibel@deped.gov.ph)*
Llaguno, Sarah
*Oras Elementary School, Philippines (sarah.llaguno@deped.gov.ph)*
Granadil, Archie
*Sigad Elementary School, Philippines (archie.granadil@deped.gov.ph)*
Marbella, Felisa D. ✉
*Sorsogon State University, Philippines (felisa.marbella@sorsu.edu.ph)*

**Received**: 26 December 2025 **Revised**: 5 January 2026 **Accepted**: 6 January 2026
**Available Online**: 10 January 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26003

***Abstract***

Sinuri sa pag-aaral na ito ang diskurso ng wika sa *social media*, partikular sa mga gurong *influencer*, sa pamamagitan ng pagsusuri ng kanilang bokabularyo at diskursibong estratehiya batay sa *experiential, relational*, at *expressive values,* pati na rin ang paggamit ng metapora. Gumamit ang pananaliksik ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na nakabatay sa *Critical Discourse Analysis (CDA)* ni Fairclough (1992, 2015) upang maunawaan ang ugnayan ng wika, kapangyarihan, at ideolohiya sa dihital na espasyo. Binubuo ang *corpus* ng limang piling bidyo mula sa *Facebook, TikTok,* at *YouTube* na aktibong naglalathala ng nilalamang pang-edukasyon, na sinuri gamit ang *lexical analysis* at *thematic coding*. Ipinakita ng pagsusuri na ang mga gurong *influencer* ay sistematikong gumagamit ng bokabularyong nakabatay sa karanasan, ugnayan, at emosyon, na sinusuportahan ng malikhaing metapora at *language play*. Ang *experiential values* ay naglalarawan ng *hands-on* na proseso at konkretong karanasan sa pagtuturo, habang ang *relational values* ay nagpapalakas ng *sense of community, inclusion*, at *participatory culture*. Samantala, ang *expressive values* ay nagpapahayag ng emosyon, ideolohiya, at personal na pananaw na nakakaapekto sa pakikipag- ugnayan at tiwala ng manonood. Natuklasan din na ang metapora at malikhaing paggamit ng wika ay epektibong nagtataguyod ng pag- unawa, motibasyon, at kabuuang pagkatuto. Nagbigay ang pag-aaral ng pedagohikal na mungkahi para sa edukasyong pangwika at pangmidya, kabilang ang sistematikong pagsasanay ng mga guro upang maging epektibong *digital content creators* at ang integrasyon ng *experiential*, *relational, at expressive strategies* sa *video-based instruction*.

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

Ang resulta ng pananaliksik ay nagbibigay ng kontribusyon sa *pedagohiyang dihital at media literacy*

***Keywords:*** diskurso ng wika, social media, gurong influencer, critical discourse analysis, pedagohikal na mungkahi

# Diskurso ng wika sa social media: Isang kritikal na pagsusuri sa wika

## 1. Introduksiyon

Sa kasalukuyang dihital na panahon, ang *social media* ay nagsisilbing pangunahing espasyo ng komunikasyon, pagkatuto, at diskursong panlipunan. Sa pag-usbong ng mga dihital na plataporma tulad ng paggamit ng *Facebook, TikTok, at YouTube*, ang mga platapormang ito ay nagiging alternatibong silid-aralan at pampublikong lunan ng pedagohiya. Sa ganitong konteksto, umusbong ang mga gurong *influencer*, mga gurong lumilikha ng nilalamang pang-edukasyon na pinagsasama ang pagtuturo, personal na karanasan, at dihital na pagganap. Ang kanilang wika ay hindi lamang daluyan ng kaalaman kundi mekanismo rin ng pagbuo ng pagkakakilanlan, ugnayang panlipunan, at ideolohikal na kahulugan.

Itinuturing ng mga iskolar sa *discourse studies* na ang wika ay hindi *neutral* na sistema ng mga salita kundi isang panlipunang praktika na may kakayahang humubog ng realidad at pananaw ng lipunan (Fairclough, 2015; van Dijk, 2008). Sa mga dihital na plataporma, ang wika ay nagiging mas dinamikong kasangkapan ng impluwensiya, kung saan ang mga may mataas na antas ng awtoridad, gaya ng mga *influencer* ay nagkakaroon ng kapangyarihang magtakda ng pamantayan, kahulugan, at pananaw sa loob ng kanilang *online* na komunidad (Herring, 2013). Dahil dito, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa diskursong nalilikha ng mga gurong *influencer,* lalo na sa larangan ng edukasyon.

Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang *social media* ay nagsisilbing *public pedagogy*, kung saan ang kaalaman ay naihahatid sa impormal ngunit makapangyarihang paraan (Boyd, 2014; Burgess & Green, 2018). Gayunpaman, bagama't laganap ang pananaliksik hinggil sa *influencer culture* sa pandaigdigang konteksto, nananatiling limitado ang mga pag-aaral sa Pilipinas na sistematikong sumusuri sa wikang ginagamit ng mga gurong *influencer* gamit ang lingguwistikong balangkas at kritikal na lente (Reyes, 2022). Ang puwang na ito sa literatura ang tinutugunan ng kasalukuyang pananaliksik.

Ang pag-aaral na ito ay nakaugat sa *Systemic Functional Linguistics* (SFL) ni Halliday, partikular sa pagsusuri ng *experiential, relational, at expressive values* ng wika, pati na ang paggamit ng metapora bilang estratehiyang diskursibo. Ang mga aspektong ito ay nagbibigay-daan upang maunawaan kung paano inilalarawan ng mga gurong *influencer* ang karanasan, paano nila binubuo ang ugnayan sa kanilang *audience*, at paano naipapahayag ang emosyon at ideolohikal na paninindigan sa dihital na diskurso. Pinapalawak ng *Critical Discourse Analysis* (CDA) ni Fairclough (1995, 2015) ang pagsusuri sa pamamagitan ng pagtingin sa wika bilang kasangkapan ng kapangyarihan, ideolohiya, at panlipunang istruktura.

Batay sa *Critical Discourse Analysis* (CDA) ni Norman Fairclough, ang wika ay itinuturing bilang isang panlipunang praktika na may kakayahang humubog at mahubog ng kapangyarihan, ideolohiya, at institusyonal na konteksto. Sa balangkas na ito, ang diskurso ay hindi lamang daluyan ng kahulugan kundi isang mekanismo kung saan nalilikha, naipapahayag, at napapanatili ang mga ugnayang panlipunan at paniniwala sa loob ng isang lipunan, lalo na sa larangan ng edukasyon at dihital na midya.

Sa pamamagitan ng tatlong dimensyon ng CDA, tekstuwal na pagsusuri, diskursibong praktika, at panlipunang praktika, sinusuri ng pag-aaral kung paano ginagamit ng mga gurong *influencer* ang wika upang ilahad ang karanasan, buuin ang ugnayan sa kanilang tagapanood, at ipahayag ang emosyonal at ideolohikal na paninindigan sa dihital na espasyo. Ang mga elementong gaya ng bokabularyo, metapora, retorikal na estratehiya, at paraan ng pakikipag-ugnayan ay tinitingnan hindi lamang bilang pagpili kundi bilang diskursong gawi na may implikasyon sa awtoridad, kredibilidad, at distribusyon ng kaalaman.

Pinapalawak ng balangkas ni Fairclough (1995, 2015) ang pagsusuri sa diskurso ng mga gurong *influencer* sa pamamagitan ng pag-uugnay ng tekstong dihital sa mas malawak na panlipunang istruktura at institusyonal na

tungkulin ng edukasyon. Sa ganitong pananaw, ang dihital na diskurso ng guro ay itinuturing na bahagi ng patuloy na negosasyon ng kapangyarihan at pagkakakilanlan sa kontemporaryong lipunan, kung saan ang pagtuturo ay hindi na lamang nagaganap sa loob ng silid-aralan kundi sa malawak at dinamikong espasyong dihital.

Sa kontekstong dihital, ipinapakita nina Abidin (2021) at Reyes (2022) na ang mga *influencer* ay gumagamit ng *relational* at *emotive* na wika upang mapalakas ang koneksyon at tiwala ng kanilang tagapanood. Ang paggamit ng inklusibong mga pananalita at kolokyal na ekspresyon ay lumilikha ng ilusyon ng pagkakapantay-pantay, kahit may umiiral na di magkaugnay na relasyon sa pagitan ng *influencer* at tagasunod. Ang ganitong diskursong estratehiya ay may implikasyong pangwika, panlipunan, at pedagohikal na nararapat suriin mula sa kritikal na pananaw.

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla rin sa mga pambansa at pandaigdigang balangkas. Sa antas pambansa, sinusuportahan ito ng *Republic Act No. 10175 (Cybercrime Prevention Act of 2012)* at ng *Digital Media Literacy Framework ng Department of Education* (2020), na parehong nagtataguyod ng responsable at kritikal na paggamit ng *digital media.* Sa pandaigdigang antas, umaayon ang pag-aaral sa *Sustainable Development Goals*, partikular ang SDG 4 *(Quality Education),* SDG 9 *(Industry, Innovation, and Infrastructure*), at SDG 16 *(Peace, Justice, and Strong Institutions),* sa pamamagitan ng pagsusulong ng kritikal na literasi at etikal na komunikasyon sa dihital na espasyo.

Layunin ng pananaliksik na ito na (1) masuri ang bokabularyo at diskursibong estratehiya ng mga gurong *influencer* sa *social media* batay sa *experiential values, relational values, expressive values*, at metapora; at (2) makapagbigay ng pedagohikal na mungkahi para sa edukasyong pangwika at pangmidya batay sa mga natuklasan. Sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri sa piling mga bidyo mula sa *Facebook, TikTok, at YouTube*, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa larangan ng *critical language studies*, *digital pedagogy,* at *media literacy* sa lokal at rehiyonal na konteksto.

***Mga Layunin -*** Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang Diskurso ng Wika sa Social Media, sinagot ng pananaliksik na ito ang mga sumusunod na layunin: 1) masuri ang bokabularyo na ginamit ng mga gurong influencer sa Social Media batay sa: (a) *Experiential Values, (b) Relational Values, (c) Expressive Values,* (d) Metapora; 2) makapagbigay ng pedagohikal na mungkahi para sa edukasyong pangwika at pangmidya.

## 2. Metodolohiya

Ginamit ng pag-aaral na ito ang kwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang *Critical Discourse Analysis* (CDA) na binuo ni Fairclough (1992). Ang disenyong ito ay angkop sa pagsusuri ng wika bilang panlipunang praktika, lalo na sa pagtukoy ng mga patern ng diskurso, ideolohiya, at ugnayan ng kapangyarihan na makikita sa wika ng mga gurong *influencer* sa *social media.* Sa pamamagitan ng CDA, sinuri ng pag-aaral kung paano ginagamit ang wika hindi lamang bilang midyum ng impormasyon kundi bilang kasangkapan ng impluwensya at pedagohikal na representasyon sa dihital na espasyo. Ang *corpus* ng pag-aaral ay binubuo ng mga piling bidyo at tekstong panlipunang midya (*video captions, transcribed speech, at short-form videos*) mula sa limang (5) gurong *influencer* na aktibo sa *Facebook, TikTok, at YouTube*.

Pinili ang mga gurong *influencer* batay sa sumusunod na pamantayan: may *minimum* na 3,000 *followers* o *subscribers*; regular na naglalathala ng *content* na may kaugnayan sa edukasyon; at gumagamit ng Filipino o Taglish bilang pangunahing wika sa kanilang mga *post*. Gamit ang hanguang elektroniko, sistematikong pinili at pinanood ng mga mananaliksik ang mga bidyong inilathala ng mga gurong *influencer* sa *Facebook, TikTok, at YouTube*. Ang mga bidyong ito ay trinanskrayb at inihanay bilang tekstong susuriin. Naging batayan ang mga transkripsyon at kalakip na *captions* sa masusing pagsusuri ng diskurso ng wika na ginamit ng mga gurong *influencer*.

Ang pangunahing paraan ng pagsusuri ng datos sa pag-aaral na ito ay ang *lexical analysis* na nakabatay sa *Question List* ng *Critical Discourse Analysis* ni Fairclough, na ginamit upang sistematikong masuri ang

*experiential, relational, at expressive values*, pati na ang mga metapora sa bokabularyo ng mga gurong *influencer*. Ang mas malawak na balangkas ng CDA at *thematic coding* ay ginamit bilang pantulong na pamamaraan para sa interpretasyon at pagbuo ng pedagohikal na mungkahi. Sinunod ng mananaliksik ang mga etikong pamantayan sa pananaliksik. Tiniyak na ang mga bidyong ginamit ay mula sa pampublikong plataporma, at ipinaalam sa mga gurong *influencer* ang layunin ng pag-aaral sa pamamagitan ng magalang na pagpapadala ng mensahe. Siniguro ring ang mga datos ay walang sensitibo, bulgar, o mapanirang nilalaman, at ginamit lamang ang mga ito para sa layuning akademiko at pang-edukasyon.

## 3. Natuklasan

Inilalahad sa bahaging ito ang mga natuklasan ng pag-aaral batay sa kritikal na pagsusuri sa diskurso ng limang (5) gurong influencer sa social media. Ang mga resulta ay inorganisa alinsunod sa mga layunin ng pananaliksik at ipinakita ang mga umusbong na tema at kategorya mula sa aktuwal na datos. Ang mga sipi ay mula sa mga na-transkrayb na bidyo at ginamitan ng mga pseudonym bilang Bidyo 1–5.

### *3.1 Mga Bokabularyong Ginamit ng mga Gurong Influencer sa Social Media*

Ipinakita ng pagsusuri na ang diskurso ng mga gurong influencer ay sistematikong gumagamit ng bokabularyong nakabatay sa karanasan (*experiential*), ugnayan (*relational*), at emosyon (*expressive*), na sinusuportahan ng malikhaing metapora at *language play*. Ang mga diskursibong gawi na ito ay nagpapakita ng kanilang kakayahang maghatid ng kaalaman at magtatag ng koneksyon sa dihital na espasyo, at may malinaw na implikasyon sa *digital pedagogy, media literacy*, at pagbuo ng propesyonal na identidad ng guro sa *online* na konteksto.

### *3.2 Experiential Values: Paglalahad ng Karanasan, Proseso, at Aksiyon*

Ipinakita sa bidyo na ang mga gurong influencer ay gumagamit ng bokabularyong nakatuon sa materyal at pedagohikal na proseso kabilang ang paggawa, pagtuturo, paggabay, at pagganap ng iba't ibang papel sa loob at labas ng silid-aralan. Ang paggamit ng ganitong wika ay nagpapakita ng aktwal na karanasan at eksperimento sa pagtuturo, na nagbibigay ng konkretong halimbawa sa tagapanood kung paano maisasabuhay ang mga konsepto sa edukasyon.

Sa Bidyo 1**,** ginamit ng guro ang sunod-sunod na aksiyon sa paggawa ng kasuotan sa pamamagitan ng pandiwang: *"mag-sketch," "gugupitin," "lagyan," at "binihisan"*. Ipinapakita nito ang aktwal na proseso ng paggawa at pedagohikal na gawain na nakabatay sa konkretong karanasan. Ang paggamit ng sunod-sunod na pandiwa ay nagpapakita na ang pagkatuto ay mas epektibo kapag nakasentro sa aktwal na paggawa. Nagiging gabay ito sa pagkilos ng mag-aaral at pinapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga konsepto sa halip na ito'y abstraktong paliwanag lamang. Ang wika ng guro ay nagiging gabay sa pagkilos ng mag-aaral. Sa ganitong paraan, ang kaalaman ay hindi lamang ipinapaliwanag kundi isinasagawa, na nagpapalalim sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Ipinahihiwatig nito na ang epektibong pagtuturo ay dapat nakasentro sa karanasan at proseso, kung saan natututo ang mag-aaral sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok.

May implikasyon ito sa sa mga guro lalo na sa kahalagahan ng pagdidisenyo ng aralin na dapat ay may malinaw na hakbang at *hands-on activities* upang mapalakas ang *experiential learning*. Ang ganitong pagdulog ay nagtataguyod ng aktibong pagkatuto at kabuoang pag- unlad ng mag-aaral.

Ayon kay Vygotsky (1978), ang *learning by doing o experiential learning* ay mahalaga sa kognitibong pag-unlad, sapagkat pinapalalim ng aktwal na karanasan ang pag-unawa at aplikasyon ng kaalaman sa totoong buhay. Ang kognitibong pag-unlad ay nahuhubog sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok at konkretong karanasan. Sa konteksto ng *social media pedagogy*, ang paggamit ng sunod-sunod na pandiwa ay nagsisilbing *scaffolding* na gumagabay sa mag-aaral mula sa panonood tungo sa aktwal na paggawa. Ipinakikita nito na ang epektibong pagtuturo, maging sa dihital na espasyo, ay dapat nakasentro sa proseso at karanasan, na may malinaw na

implikasyon sa pagdidisenyo ng aralin na may hands-on activities upang mapalakas ang *experiential learning.*

Sa isa pang pahayag ng guro sa unang bidyo, na "Kapag nanay ka talaga, kailangan mo asikasuhin yung mga anak mo". Ito ay nag-uugnay ng personal na karanasan sa tungkulin ng guro bilang tagapag-alaga at gabay ng mga mag-aaral o nagpapakita ng maternal experience bilang bahagi ng pang-araw-araw na responsibilidad. Ang ganitong paglalahad ay nagbibigay ng modelong pang-edukasyon at pampersonal na pagkatuto, na maaaring magsilbing halimbawa para sa iba pang guro o magulang na nais ipatupad ang praktikal na *pedagogical strategies*. Ang karanasan ng pagiging magulang ay nagsisilbing metapora sa responsibilidad, pag-aaruga, at patuloy na paggabay sa mag-aaral. Ipinapakita nito na ang pagtuturo ay may dimensyong emosyonal at moral.

May malinaw itong implikasyon sa edukasyon sapagkat ipinahihiwatig na ang pagkatuto ay nagiging mas makabuluhan kapag nararamdaman ng mag-aaral ang malasakit, at pag-unawa ng guro. Ang paggamit ng *real-life experiences*, gaya ng pagiging magulang, ay nagsisilbing mabisang estratehiyang pedagohikal upang mapalalim ang koneksiyon ng aralin sa tunay na buhay ng mga mag-aaral. Sinusuportahan ito ng pananaw ni Vygotsky (1978) na ang personal at panlipunang karanasan ay pundamental sa *cognitive* at *social development*, sapagkat sa pamamagitan ng aktwal at makahulugang interaksiyon, mas nagiging epektibo ang internalisasyon at aplikasyon ng kaalaman. Sa ganitong paraan, ang diskurso ng guro ay nagiging tulay sa pagitan ng karanasan, emosyon, at pagkatuto, isang mahalagang katangian ng epektibong pedagohiya sa dihital na espasyo.

Sa Bidyo 2, naman lumitaw ang bokabularyong pedagohikal gaya ng:*"basa," "rumbled muna natin," "depende kung saan ang diin".* Nangangahulugan ang mga pahayag na ito ng *scaffolded learning experience* kung saan unti-unting ginagabayan ang mag-aaral. Ang paulit-ulit na instruksyon at pagsasanay na may gabay ay tumutulong sa mag-aaral na maunawaan at maisabuhay ang kaalaman sa pagbasa, nagpapalakas ng pag- unawa at *mastery*. May implikasyon ito sa mga guro o ina na mahalaga ang pasensiya, paulit-ulit na instruksyon, at pag-angkop sa kakayahan ng mag-aaral upang mapaunlad ang aktibong pagkatuto at kumpiyansa ng estudyante. Sa halip na agad ibigay ang tamang sagot, hinihikayat muna ang eksplorasyon at pagsubok, na nagpapalakas sa aktibong pagkatuto. Ipinahihiwatig nito na ang epektibong pagtuturo sa pagbasa ay nangangailangan ng pasensiya, paulit-ulit na instruksyon, at pag-angkop sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sinasang-ayunan ni Bruner (1960) na ang *guided discovery* at *scaffolded learning* ay epektibong paraan upang matutunan ng estudyante ang mas kumplikadong konsepto.

Sa Bidyo 3**,** ginamit ang mga akademikong termino tulad ng:*"anyo," "sukat," "tugma," "talinhaga," at "larawang-diwa".* Ipinapakita nito ang sistematikong presentasyon ng kaalamang pampanitikan, na tumutulong sa tagapanood na maunawaan ang istruktura ng panitikan. Ang paggamit ng terminolohiyang akademiko ay nagpapatibay sa kredibilidad ng guro bilang tagapagturo at nagiging sanggunian para sa iba pang guro o mag-aaral na nag-aaral ng panitikan. Nangangahulugan ito ng paggamit ng mga akademikong terminong ito ay nagpapakita ng sistematikong presentasyon ng kaalaman at mataas na antas ng diskursong pang-akademiko. Sa pamamagitan ng malinaw na terminolohiya, nagiging organisado ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa paksa at mas madaling maiugnay ang mga konsepto sa mas malawak na teorya at aplikasyon. Bilang mga tagapagturo may implikasyon ito sa mga guro, ipinahihiwatig nito na mahalaga ang wastong paggamit ng akademikong wika upang mapalalim ang pagkatuto at mapataas ang kredibilidad ng guro bilang eksperto sa larangan. Para sa mga mag-aaral, ito ay nagsisilbing pundasyon sa paglinang ng kritikal, analitikal, at akademikong pag-iisip. Ayon kay Shulman (1987), ang *content knowledge* na may malinaw na *pedagogical structuring* ay mahalaga upang maging epektibo ang pagtuturo.

Sa Bidyo 4 at Bidyo 5 naman ay nangunguna ang mga pandiwang: *"gagawa," "isaayos," "gumamit," "bumibigkas," "nakukuha ang atensyon".* Ang mga pandiwang: "gagawa," "isaayos," "gumamit," "bumibigkas," at "nakukuha ang atensyon" ay nagpapakita ng mga hakbang na proseso sa pagtuturo ng pagsulat at sining. Nangangahulugan ito na ang mga aksyong ito ay *performance-based at skills-oriented learning*, kung saan sinusukat ang kaalaman batay sa kakayahang maisagawa ito, na mahalaga sa kabuuang pag- unlad ng mag-aaral. Ang ganitong pagdulog ay nagtuturo hindi lamang ng konsepto kundi pati na rin ng aplikasyon ng kasanayang

natutuhan. May implikasyon ito sa mga guro at nagsisilbi itong paalala na ang ang pagtuturo ay hindi dapat nakatuon lamang sa teorya kundi sa aktwal na aplikasyon ng kasanayan, na nagtataguyod ng kumpiyansa, pagkamalikhain, at kahusayan sa komunikasyon. Ayon nga kay Kolb (1984), ang *experiential learning cycle* mula sa kongkretong karanasan hanggang aktibong eksperimentasyon ay nagbibigay daan sa mas malalim at epektibong pagkatuto.

*3.3 Relational Values: Pagbuo ng Ugnayan sa Audience*

Lumabas sa pagsusuri na ang mga *gurong influencer* ay gumamit ng r*elational* at *inclusive* na bokabularyo upang makabuo ng malapit na ugnayan sa kanilang mga tagapanood. Ang paggamit ng ganitong wika ay nakatutulong sa pagpapalakas ng isang komunidad at pakikipag-ugnayan sa mga manonood, na kritikal sa epektibong pagtuturo sa dihital na konteksto.

Sa Bidyo 1, ginamit ang ekspresyong:*"Hello mga ka-mima!".* Lumabas sa pagsusuri na ginamit ng guro ang ekspresyong "Hello mga ka-mima!" upang makabuo ng *in-group identity* sa pagitan ng *vlogger* at mga manonood, na nagpapakita ng inklusibo at relasyunal na wika. Nangangahulugan na ang ekspresyong ito ay hindi lamang simpleng pagbati, ito ay nagtataguyod ng *sense of belonging at participatory culture*, na nagpapalapit sa tagapanood sa tagapagsalita at nagpapatibay ng emosyonal na koneksyon. Ipinapakita nito na ang *relational language* ay mahalaga sa pagbuo ng *personal at social engagement* sa dihital na espasyo na nagbibigay-daan sa tagapanood na makaramdam na siya ay kabilang at sa aktibong partisipasyon. May implikasyon ito sa mga tao, dahil nagdudulot ito ng emosyonal na suporta at pagiging kabilang, na mahalaga sa mga mag- aaral. Sa edukasyon, nakakatulong ito sa pagtaas ng pakikipag- ugnayan, pagiging aktibo, at pagpapanatili ng natutuhan, habang sa dihital na konteksto, lumilikha ito ng komunidad na nakikilahok at may *shared identity*. Ayon kay Gee (2004), ang paggamit ng *inclusive language* at *in-group markers* ay epektibong nagtataguyod ng *social identity* at *community participation* sa *digital discourse.* Sinusuportahan din ito ng mga pag-aaral nina Kress & van Leeuwen (2006) na ang wika sa *digital media* ay kasangkapan sa pagtatatag ng *participatory culture*.

Sa Bidyo 2, paulit-ulit na ginamit ang salitang *"guys"* at direktang pagtawag sa pamangkin. Paulit-ulit na ginamit ang salitang "guys" at direktang pagtawag sa pamangkin, na nagpapakita ng kaswal*, relational,* at *approachable* na ugnayan sa tagapanood. Ang impormal na pagtawag ay nagpapababa ng *hierarchical* na hadlang, nagpapalapit sa tagapanood, at nagpapadama ng personal na koneksyon. Ipinapakita nito na ang *relational language* ay mahalaga sa paglikha ng *approachable learning environment*, kung saan ang mag- aaral o tagapanood ay mas handang makipag-ugnayan at maging aktibong kalahok sa diskurso. May implikasyon ito sa bawat tao sapagkat nakakatulong ito sa pagbuo ng *interpersonal connection* at *participatory attitude*. Sa edukasyon, nagsusulong ito ng *learner-centered environment* at positibong kapaligiran sa pagkatuto. Sa dihital pedagohiya, lumilikha ito ng kapaligirang nagtataguyod ng pakikipagtulungan at aktibong partisipasyon sa *online learning contexts.* Ayon sa pag- aaral ni Herring (2004) ang kaswal at personal na wika ay mahalaga sa *participatory learning environments* at sa pagbawas ng *hierarchical distance* sa dihital na diskurso. Sinasang-ayunan din nina Thurlow, Lengel, & Tomic (2004) na ang *informal address* ay nagpapabuti ng *audience engagement* sa *computer-mediated communication*.

Sa Bidyo 3 naman ginamit ang pariralang: *"mga ka-teacher".* Ginamit ang pariralang "mga ka-teacher" upang ipakita ang propesyonal na pakikipagkaibigan at pagkakaisa sa pagitan ng mga guro, na nagtataguyod ng magkakaparehong propesyonal na pagkakakilanlan. Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng pagkilala sa propesyonal na komunidad at *peer support,* na nagbibigay-diin sa nagkakaisang layunin at *sense of belonging* sa mga propesyonal. Ipinapahiwatig nito na ang *relational language* ay instrumento sa pagbuo ng *collaborative professional culture* at *mutual support* sa dihital na pedagohiya. Isa sa implikasyon nito sa mga guro ay nagdudulot ito ng propesyonal na motibasyon at suporta sa kapwa guro. Sa edukasyon, nakakatulong ito sa patuloy na propesyonal na pag- unlad at pagbabahagi ng kaalaman. Sa dihital na konteksto, lumilikha ito ng kasanayang pangkomunidad, kung saan ang mga guro ay aktibong nakikibahagi sa kolaboratibong pagkatuto at pagtuturo. Sinasang-ayunan ni Wenger (1998) na ang *shared language* at *collective identity* ay pundasyon ng *communities of*

*practice.* Sinusuportahan din ito nina Lave & Wenger (1991) na ang *relational discourse* sa *professional communities* ay kritikal sa *situated learning at social learning theory.*

Sa Bidyo 4**,** lumitaw ang magalang at pormal na pananalita gaya ng: *"samahan niyo ako" at "bibigyan kita ng pagkakataon".* Lumitaw ang magalang at pormal na pananalita sa pahayag upang ipakita ang demokratikong ugnayan sa mga mag-aaral, na nagbibigay respeto sa bawat kalahok. Ang mga pahayag na ito ay nagpapakita ng demokratiko at inklusibong ugnayan sa silid-aralan. Ipinahihiwatig nito na ang guro ay hindi lamang tagapagsalita kundi tagapagpadaloy ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, nabibigyan ng boses at pagkakataon ang mag-aaral na maging aktibong kalahok sa proseso ng pagkatuto, na mahalaga sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at pagkakaroon ng tiwala sa sarili. Ang implikasyon nito sa edukasyon ay makabuluhan, lalo na sa usapin ng *learner empowerment* at *self-efficacy*. Ipinahihiwatig ng mga pahayag na ang mag-aaral ay may kakayahang magpahayag, mag-isip nang kritikal, at maging aktibong kalahok sa sariling pagkatuto. Sa konteksto ng dihital na pedagohiya, ang ganitong *relational strategies* ay lalong mahalaga sapagkat pinapalakas nito ang *learner autonomy* at *active engagement* sa *online learning environments,* kung saan madalas na nanganganib ang pakikilahok ng mag-aaral.

Ang ganitong *relational strategies* ay nakakatulong sa inclusive learning environment at empowerment ng learners, ayon kay Freire (1970). Sinusuportahan din ito ng pag-aaral ni Brookfield (2013) na nagsasaad na ang inklusibong diskurso at *participatory pedagogical strategies* ay nakapagpapalakas ng kritikal na pakikilahok at tiwala sa sarili ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ipinakikita ng natuklasan na ang magalang at demokratikong paggamit ng wika ng guro ay hindi lamang usaping pang-estilo kundi isang mahalagang diskursibong mekanismo sa pagbuo ng makabuluhang, inklusibo, at makapangyarihang karanasan sa pagkatuto, kapwa sa pisikal at digital na silid-aralan.

Sa Bidyo 5, ang direktang pagtukoy sa *"manonood"* ay nagpapalinaw sa papel ng guro bilang tagapagsalita at tagagabay sa mas malawak na publiko. Binibigyang-diin nito ang responsibilidad at awtoridad ng guro sa pagbibigay ng impormasyon. Ipinahihiwatig nito ang responsibilidad ng guro sa pagbibigay ng malinaw, tumpak, at mapagkakatiwalaang impormasyon. Nangangahulugan itong ang direktang pagtukoy sa tagapanood o mag-aaral ay nagpapakita ng responsibilidad at awtoridad ng guro sa pagbibigay ng malinaw, tumpak, at mapagkakatiwalaang impormasyon. Ipinapahiwatig nito na *relational language* ay instrumento sa pagbuo ng tiwala at pakikipag- ugnayan sa madla sa dihital na konteksto. Malaki ang implikasyon nito sa larangan ng edukasyon, partikular sa dihital na edukasyon. Ang malinaw at tuwirang pagtukoy sa *audience* ay nakatutulong sa pagpapataas ng antas ng pakikilahok sa *e-learning* at sa mas matibay na pag-alala at pag-unawa sa kaalaman, sapagkat nagiging malinaw sa mag-aaral ang kanilang papel bilang aktibong kalahok sa pagkatuto. Sa larangan ng dihital na pedagohiya, ang ganitong *relational* na estratehiya ay mahalaga sa pagbuo ng tiwala, kredibilidad, at epektibong komunikasyon sa *online* na kapaligiran ng pagkatuto.

Sinusuportahan ito ng pag-aaral nina Tafesse at Wood (2021) na nagpapakita na ang malinaw na pagtukoy at pakikipag-ugnayan sa audience ay nakapagpapalakas ng pakikilahok at tiwala sa digital na plataporma. Gayundin, binibigyang-diin nina Salmon (2000) at Anderson (2008) na ang malinaw at bukas na *relational* na estratehiya sa *online learning* ay nagpapatibay ng kredibilidad ng guro at kumpiyansa ng mag-aaral. Sa kabuuan, ipinakikita ng natuklasan na ang direktang pagtukoy sa "manonood" ay hindi lamang simpleng pagtawag sa *audience* kundi isang mahalagang diskursibong mekanismo na nagpapatatag ng awtoridad, ugnayan, at makabuluhang pagkatuto sa dihital na konteksto.

### *3.4 Expressive Values: Emosyon, Pananaw, at Ideolohiyang Ipinapahayag*

Makikita ang magkakatulad na tema sa sinuring *expressive value* ng mga gurong *influencer*. Ang mga pahayag ay nagpapakita ng pagtataguyod sa kasanayang pampagkatuto na makikita sa pang-araw-araw na pagtuturo ng mga guro sa kani-kanilang paaralan. Halimbawa, binigyang-diin ni Guro 4 ang kaniyang karanasan sa panahon ng pandemya: *"Aking karanasan sa panahon ng pandemya"* Ang pahayag na ito ay nagpapakita ng ugnayan ng personal na karanasan at kasanayang edukasyonal. Nagiging halimbawa ito dahil sa kakaibang sitwasyon na

nararanasan ng tao, na taliwas sa inaasahan o nakasanayan, at nagbubukas ng mas malalim na pag-unawa sa proseso ng pagkatuto.

Katulad nito, sinabi ni Guro 2:*"Turuan ang mga bata na magbasa."* Ang pahayag na ito ay nagpapakita kung paano nagagamit ng guro ang kaniyang karanasan upang magturo, hindi lamang sa loob ng paaralan kundi pati na rin sa pamilya. Dito makikita ang pagpapaigting ng kasanayang pampagkatuto sa mga kabataan sa pamamagitan ng personal na pag-aambag at dedikasyon sa pagtuturo.

Samantala, ipinakita ni Guro 4 ang kahusayan sa pagbuo ng sabayang pagbigkas: *"Tulad ng ating nakikita at nadarama"* Ang kaniyang pahayag ay nagpapahayag ng masidhing pagtataguyod at pagpapahalaga sa anyong pampanitikan, partikular sa tanghalang anyo ng panitikan na tinatangkilik ng mamamayang Pilipino. Gayundin, si Guro 3 ay nagpakita ng ideolohiya sa pagpapaunlad ng edukasyon sa kaniyang pagbabahagi tungkol sa Haiku: *"Ipinagbawal ang Ingles kaya ginamit ng mga Pilipino ang sariling wika sa tula"* Pinapakita nito kung paano naiaangkop ang makasaysayang konteksto at panitikan sa kasalukuyang kurikulum, at kung paano napapalawak ang kaalaman ng mag-aaral sa pamamagitan ng malikhaing pagtuturo.

Bukod sa mga kasanayang edukasyonal, ipinakita rin ni Guro 1 ang pagiging malikhain sa pamilya:*"Nakakatipid tayo, ukay lang iyan"*. Bagama't personal ang kaniyang karanasan bilang isang ina, malinaw na naiuugnay ito sa mas malawak na konteksto ng pagpapalago ng kasanayang pampamilya at sa pagtuturo ng kahalagahan ng pagiging matipid na nakaugat sa reyalidad ng pang-araw-araw na buhay. Sa mga naitalang pahayag, lumilitaw ang sari-saring pananaw ng isang gumagawa ng bidyo na hinuhubog ng kaniyang sariling karanasan, na nagsisilbing batayan sa paraan ng paghahatid ng mensahe. Higit pa rito, ang pagtangkilik sa pang-edukasyonal na layunin ng nilalaman ay nagiging daluyan ng pagpapalawak ng kaalaman ng nakararami, maging estudyante o pangkalahatang masa, sa pamamagitan ng muling pagbibigay-diin at pagpapaalala sa mga impormasyong minsan nang naituro sa loob ng silid-aralan ngunit nananatiling mahalaga sa aktuwal na pamumuhay.

Makikita rin ang implikasyon na kapag may kaugnayan ang nilalaman sa karanasan ng gumagawa ng *vlog*, mas mataas ang tiwala ng tagapanood sa ibinahaging impormasyon o ideya. Ang nilalaman ay nagiging representasyon ng pagkatao, talento, o propesyon ng tagalikha, tulad ng ipinakita ng mga guro sa nakalap na bidyo. Bukod pa rito, ang paggawa ng makabuluhang bidyo ay hindi lamang nagpapaunlad ng kasanayan at propesyonalismo ng vlogger, kundi nagiging sanggunian at gabay din sa patuloy na pagkatuto ng mga kapwa guro at mag-aaral. Ayon pa kay Tafesse at Wood (2021), may kredibilidad ang nilalamang nilikha ng *content creator* dahil kaugnay ito sa kanilang personal na karanasan at kasanayan. Kasama sa pangunahing layunin ng mga *vlogger* ang pagbibigay ng impormasyon o ideya na may kaugnayan sa kanilang propesyon o talento, na nagtataguyod ng kanilang awtoridad at kredibilidad.

Dagdag pa rito, ipinakita ng datos na ang bokabularyo ng mga gurong influencer ay may malinaw na emosyonal at ideolohikal na pahiwatig. Sa Bidyo 1, lumitaw ang damdamin ng pagmamalaki at pag-aaruga sa pahayag na: *"Tuwang-tuwa nga si kuya sa kaniyang costume."* Ito ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa relasyon at positibong ugnayan sa mga bata, na ayon kay Vygotsky (1978) ay mahalaga sa pagbuo ng sosyal at emosyonal na kasanayan ng mag-aaral. Ang ganitong uri ng bokabularyo ay nagpapalakas ng ugnayan ng guro at mag-aaral, at nakakatulong sa mas epektibong pagkatuto sa pamamagitan ng emosyonal na koneksyon.

Sa Bidyo 2, nakita ang empatiya at pasensya sa pahayag na:*"Nakaka-frustrate… kapag hindi ka marunong magbasa,"* na sinundan ng paulit-ulit na "*Very good!"* bilang positibong *feedback*. Ayon kay Hattie at Timperley (2007), ang positibong *feedback* ay nakapagpapahusay ng pagkatuto at nagtataas ng *self-efficacy* ng mag-aaral. Ang ganitong bokabularyo ay nagpapakita ng guro bilang motivator at facilitator, na nagpo-promote ng aktibong partisipasyon at tiwala ng mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan.

Sa Bidyo 3, lumitaw ang pambansang pananaw at pagpapahalaga sa panitikang Filipino sa paglalarawan sa haiku bilang bahagi ng: *"gintong panahon ng panitikang Pilipino."* Ang ganitong diskursong pedagohikal ay hindi

lamang naglalarawan ng isang anyong pampanitikan kundi nagtatangkang ituro sa mga mag-aaral ang kamalayan sa kasaysayan, halaga, at dignidad ng sariling panitikan bilang mahalagang bahagi ng pambansang kultura. Sa pamamagitan ng pagbibigay-diin sa haiku bilang produkto ng isang makabuluhang yugto ng panitikang Pilipino, inilulugar ng guro ang pagkatuto sa mas malawak na sosyo-kultural at historikal na konteksto, na nagpapalalim sa pag-unawa ng mag-aaral hindi lamang sa teksto kundi sa identidad na kinakatawan nito.

Ang ganitong paraan ng pagtuturo ay umaayon sa konsepto ng *culturally relevant pedagogy* ni Ladson-Billings (1995), na nagsasaad na ang epektibong edukasyon ay dapat nakaugat sa kultura, karanasan, at identidad ng mga mag-aaral. Sa pag-uugnay ng panitikan sa pambansang kasaysayan at pagpapahalaga, nagiging instrumento ang guro sa pagpapaigting ng kamalayang pangkultura at pambansang identidad, habang pinapalakas din ang akademikong pagkatuto. Sa kontekstong ito, ang mga gurong influencer ay hindi lamang tagapagturo ng kaalaman kundi aktibong tagapagpadaloy ng ideolohikal at kultural na diskurso, na tumutulong sa kabataan na kilalanin, pahalagahan, at ipagmalaki ang sariling panitikan bilang mahalagang bahagi ng kanilang pagkatao at kolektibong identidad.

Sa Bidyo 4, binigyang-diin ang positibong pananaw sa pagkatuto sa pahayag na: *"ang pag-aaral ay masaya basta lalagyan natin ito ng Ligaya".* Ang diskursong ito ay nagpapakita ng isang pedagohikal na paninindigan na tinitingnan ang pagkatuto hindi bilang mabigat na obligasyon kundi bilang isang makabuluhan at kasiya-siyang karanasan. Sa pamamagitan ng ganitong pahayag, ipinahihiwatig ng guro na ang emosyonal na karanasan ng mag-aaral ay mahalagang salik sa proseso ng pagkatuto, na ang kasiyahan at ligaya ay maaaring magsilbing motibasyon upang mas maging bukas ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng bagong kaalaman at kasanayan.

Ang ganitong pananaw ay umaayon sa teorya ng *Self-Determination Theory* nina Deci at Ryan (2000), na nagsasaad na ang *intrinsic motivation*, ang motibasyong nagmumula sa panloob na kasiyahan at interes ay mahalaga sa mas malalim na pagkatuto at pangmatagalang pag-unlad ng kasanayan. Kapag ang pagkatuto ay iniuugnay sa positibong damdamin tulad ng ligaya at kasiyahan, mas nagiging mataas ang pakikiisa ng mga mag-aaral, mas tumitibay ang kanilang interes sa aralin, at mas nagiging aktibo ang kanilang partisipasyon. Ang pahayag ng guro ay hindi lamang simpleng motibasyonal na pahayag kundi isang estratehiyang pedagohikal na naglalayong linangin ang panloob na motibasyon ng mag-aaral, na nagreresulta sa mas makabuluhan, mas epektibo, at mas positibong karanasan sa edukasyon.

Sa Bidyo 5, ipinakita ang persuweysib at motibasyonal na tono sa paglalarawan ng sabayang pagbigkas bilang: *"pampukaw" at "mabisa at mabunga."* Ipinapakita ng mga natuklasan ang mahalagang papel ng emosyonal at ideolohikal na dimensyon sa larangan ng edukasyon, sapagkat binibigyang-diin nito ang mga damdaming tulad ng pag-aalala, pagmamalasakit, at pagkalinga bilang mga pundamental na salik sa paghubog, pagpapatibay, at pagpapalalim ng kaalaman ng bata sa aspetong pang-edukasyon. Higit pa rito, makikita rin ang personal na pakikiisa ng isang influencer sa mga nagaganap sa kaniyang kapaligiran, na nagsisilbing matibay na sandigan sa paghahatid ng mga mensaheng may malinaw na panlipunan at makabayang ideolohiya. Sa pamamagitan ng ganitong pakikiisa, naipapamalas ang pagmamahal sa sariling bayan at ang pagpapahalaga sa kolektibong identidad, na higit pang nagpapalakas sa impluwensiya ng nilalaman ng bidyo sa kamalayan, pagpapahalaga, at pananaw ng mga manonood, lalo na ng kabataan. Ang emosyonal at ideolohikal na implikasyon ng isang influencer sa bidyo ay may mahalagang papel sa paghubog ng pananaw, saloobin, at pagpapahalaga ng mga manonood. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng emosyon tulad ng pagmamalasakit, empatiya, at pag-aalala, nagiging mas epektibo ang paghahatid ng mensahe sapagkat nagkakaroon ng emosyonal na koneksyon sa pagitan ng *influencer* at ng *audience*. Kasabay nito, ang ideolohikal na nilalaman ng bidyo, tulad ng mga paniniwala, pagpapahalaga, at perspektibang ipinahahayag ay maaaring makaapekto sa paraan ng pag-unawa at pagtanggap ng mga manonood sa mga isyung panlipunan, pangkultura, o pang-edukasyon. Dahil dito, ang influencer ay nagiging makapangyarihang daluyan ng impluwensiya na maaaring humubog sa kaisipan at asal ng audience, lalo na ng kabataan.

Ang ganitong uri ng bokabularyo ay sumusuporta sa *persuasive pedagogy* na nakatuon sa aktibong

partisipasyon at kolaboratibong pagkatuto (Tafesse & Wood, 2021). Ang mga guro ay nagiging epektibong tagapaghikayat sa kanilang *audience*, na nagdudulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto, kasanayan, at interes sa asignatura.

*3.5 Metaphors at Language Play: Malikhaing Paggamit ng Wika*

Natuklasan na ang mga gurong *influencer* ay gumamit ng metapora at malikhaing wika upang makaugnay at makahikayat ang kanilang diskurso. Nakita sa bawat bidyo ang paggamit ng mga imahe at paglalarawan na nagpapadama at nagpapalalim ng pag-unawa sa mga konsepto ng edukasyon at panitikan. Sa bidyo 1**,** ginamit ang pahayag na: *"Sulitin ang pag-aalaga"*. Ginamit ng gurong *influencer* ang pahayag na *"sulitin ang pag-aalaga"* bilang metaporang pagtalakay na naglalarawan sa edukasyon bilang proseso ng masinsinang paggabay at responsableng paggamit ng oras at atensyon. Ang pag-aalaga ay hindi lamang emosyonal na suporta kung hindi isang sinadyang gawain ng paghubog sa akademiko at personal na kakayahan ng mag-aaral. Ipinapakita ng diskursong ito ang pagpapahalaga sa relational na ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Sa pananaw ng CDA ni Fairclough (1995), ang pahayag ay nagsisilbing diskursong ideolohikal na humuhubog sa pagkakakilanlan sa guro bilang moral at panlipunang aktor. Ang paggamit ng metapora ng "pag-aalaga" ay naglalagay sa guro bilang tagapangalaga ng kaalaman at pagpapahalaga, habang ang mag-aaral ay inilalarawan bilang nalilinang at hinuhubog. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagiging kasangkapan sa pagtatatag ng mga inaasahang papel at responsibilidad sa edukasyon.

Mahalaga ang implikasyon nito sa konteksto ng dihital na pagkatuto, kung saan madalas na limitado ang pisikal na interaksyon ng guro at mag-aaral. Ipinahihiwatig ng diskursong ito ang pangangailangang bigyang-diin ang kalidad ng ugnayan at interaksyon sa pagtuturo, at hinihikayat ang mga guro na maging intensiyonal at mapanuri sa paggamit ng oras, estratehiya, at pamamaraang pedagohikal upang matiyak ang ganap na pagkatuto ng mga mag-aaral. Batay sa kabuuang natuklasan ng pag-aaral, ang ganitong metaporikal na diskurso ay nagpapalakas sa relational at expressive values ng wika ng guro, na nakatutulong sa pagbuo ng tiwala, malasakit, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Pinagtitibay nina Lakoff at Johnson (1980) na ang metapora ay nagsisilbing kognitibong kasangkapan sa pag-unawa ng mga abstraktong konsepto gaya ng edukasyon, samantalang iginiit nina Fairclough (1995, 2015) na ang metaporikal na diskurso ay may mahalagang papel sa paghubog ng ideolohiya at panlipunang ugnayan sa loob ng institusyon ng edukasyon. Sa kabuuan, ipinakikita ng pahayag na *"sulitin ang pag-aalaga"* na ang pagtuturo ay isang gawaing may malalim na dimensyong kognitibo, emosyonal, at etikal, isang pananaw na mahalaga sa epektibong edukasyon sa digital na panahon.

Sa Bidyo 2 naman nabanggit ang salitang,*"umuusad."* Natuklasan na ginamit ang salitang *"umuusad"* upang ilarawan ang pagkatuto bilang isang tuloy-tuloy at dinamikong proseso. Ipinakikita nito na ang pagkatuto ay hindi biglaan o statiko, kundi binubuo ng maliliit ngunit makabuluhang hakbang. Ang diskursong ito ay nagbibigay-diin sa progresibong katangian ng pagkatuto at sa kahalagahan ng patuloy na pagsisikap. Sa pananaw ng CDA, ang paggamit ng *"umuusad"* ay nagtataguyod ng ideolohiyang progresibo kung saan ang halaga ng edukasyon ay nasusukat sa proseso at hindi lamang sa resulta. Ang wika ay humuhubog sa pananaw ng mag-aaral bilang aktibong kalahok sa sariling pagkatuto at hindi tagatanggap lamang ng kaalaman. Sa ganitong paraan, nalilikha ng diskurso ang positibong identidad ng mag-aaral bilang patuloy na umuunlad.

Ang diskursong ito ay nagpapalakas ng *growth mindset* sa mga mag-aaral at hinihikayat silang maging matiyaga sa harap ng akademikong hamon. Sa praktika ng pagtuturo, nagbibigay ito ng batayan sa pagdisenyo ng gawain sa pagkatuto na nagbibigay-halaga sa progreso, repleksiyon, at patuloy na pag-unlad kaysa sa agarang tagumpay. Sinusuportahan ni Dweck (2006) ang ganitong diskurso sa kanyang teorya ng growth mindset, na nagsasaad na ang pagbibigay-diin sa proseso at pagsisikap ay nakapagpapataas ng motibasyon at akademikong tagumpay. Pinagtitibay rin ng CDA ni Fairclough na ang ganitong wika ay may kapangyarihang humubog sa pananaw at gawi ng mga mag-aaral.

Samanatala sa Bidyo 3, ng paglalarawan sa muling pagsigla ng haiku: *"dahil sa internet"*. Ang pahayag na

*"dahil sa internet"* ay ginamit upang ilarawan ang panitikan bilang muling nabubuhay at nagkakaroon ng mas malawak na audience sa digital na espasyo. Ipinakikita ng diskursong ito na ang panitikan ay hindi lamang nakatali sa tradisyunal na anyo kundi patuloy na umuunlad kasabay ng teknolohiya. Sa CDA, ang pahayag ay nagpapakita ng diskursong sa pagbabago ng konteksto sa panitikan mula sa tradisyunal patungo sa dihital na larangan. Ang *internet* ay inilalarawan bilang puwersang panlipunan na nagbabago sa produksyon, distribusyon, at pagkonsumo ng kaalaman at kultura. Sa ganitong paraan, ang wika ay nagtatatag ng bagong ideolohiya ng *accessibility* at demokratisasyon ng kaalaman.

May implikasyon ito sa edukasyon na nangangailangan ng pagpapalakas ng dihital *literacy* at kritikal na paggamit ng *online platforms*. Hinihikayat nito ang mga guro at mag-aaral na gamitin ang teknolohiya hindi lamang bilang daluyan ng impormasyon kundi bilang espasyo ng makabuluhang diskursong pampanitikan at pangkultura. Ayon kina Tafesse at Wood (2021), ang *digital platforms* ay mahalagang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kultura at sining sa mas malawak na audience. Pinagtitibay ito ng CDA ni Fairclough na nagsasaad na ang pagbabago sa diskursong teknolohikal ay may direktang epekto sa panlipunang praktika.

Sa Bidyo 4 naman ginamit ang salitang *"tuklasin"*. Ginamit ang salitang *"tuklasin"* upang ilarawan ang pagkatuto bilang proseso ng eksplorasyon at aktibong pakikilahok. Ipinakikita nito na ang kaalaman ay hindi basta ibinibigay kundi natutuklasan sa pamamagitan ng karanasan at pagsisiyasat. Sa perspektiba ng CDA, ang *"tuklasin"* ay diskursong nagtataguyod ng *learner-centered ideology*. Ang guro ay inilalarawan bilang gabay at tagapadali, habang ang mag-aaral ay aktibong tagalikha ng kaalaman. Ang wika ay nagsisilbing kasangkapan sa pagbabago ng tradisyunal na *power relations* sa loob ng silid-aralan. Ang diskursong ito ay may implikasyon sa pagpapatupad ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral, tulad *ng inquiry-based* at *experiential learning*. Pinapalakas nito ang *intrinsic motivation* at kritikal na pag-iisip, na humahantong sa mas malalim at makahulugang pagkatuto. Sinusuportahan nina Deci at Ryan (2000) ang ganitong diskurso sa kanilang *Self-Determination Theory*, na nagsasaad na ang eksplorasyon at awtonomiya ay mahalaga sa *intrinsic motivation*. Pinagtitibay rin ni Fairclough (1995) ang papel ng wika sa muling paghubog ng ugnayan ng kapangyarihan sa edukasyon.

Sa Bidyo 5 ang paggamit ng mga pahayag na: *"pampukaw" at "nakapitigatig ng lahat ng pandama"*Ang mga pahayag na *"pampukaw"* at *"nakapipintig ng lahat ng pandama"* ay ginamit upang ilarawan ang pagkatuto bilang multisensory na karanasan. Ipinapakita ng diskursong ito na ang pagkatuto ay hindi lamang kognitibo kundi emosyonal at pisikal ding nararanasan. Sa CDA, ang ganitong wika ay nagtataguyod ng diskursong *holistic* kung saan ang katawan, damdamin, at isip ay magkakaugnay sa proseso ng pagkatuto. Ang pagganap at sining ay inilalarawan bilang lehitimong anyo ng pedagohikal na pagsasanay na may kapangyarihang humikayat at magpaalala. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangang gumamit ng malikhaing estratehiya sa pagtuturo tulad ng sining, musika, galaw, at biswal na materyales. Ang ganitong pamamaraan ay nakapagpapataas ng *engagement,* aktibong partisipasyon, at mas matibay na pagkatandaan ng aralin. Ayon kay Eisner (2002), ang *multisensory* at *arts-based approaches* ay nakatutulong sa mas malalim at makabuluhang pagkatuto. Sinusuportahan ito ng CDA ni Fairclough, na nagpapakita na ang malikhaing diskurso ay may mahalagang papel sa paghubog ng edukasyonal na praktika at kahulugan.

### *3.6 Pedagohikal na Mungkahi para sa Edukasyong Pangwika at Pangmidya*

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, lumitaw na ang mga gurong influencer ay may kakayahang palawakin ang papel ng guro mula sa tradisyunal na silid-aralan patungo sa digital na espasyo. Sa pamamagitan ng malikhaing diskurso, pedagohikal na estratehiya, at aktibong ugnayang panlipunan sa mga tagapanood, naipapakita ang kahalagahan ng integrasyon ng pedagohiya at digital media sa modernong pagtuturo. Ang resulta ng pagsusuri ay nagbigay-diin sa pangangailangan ng sistematikong pagsasanay ng mga guro upang maging epektibong digital content creators, na may kakayahang lumikha ng *pedagogically sound video lessons* at *social media–based learning materials* na angkop sa kontemporaryong mag-aaral. Bilang konkretong awtput, binuo ng mga mananaliksik ang *Training Matrix o Training Modules* na magsisilbing gabay para sa propesyonal na pag-unlad ng guro.

**Edukasyong Pangwika.** Sa larangan ng edukasyong pangwika, ipinakita ng pagsusuri na ang paggamit ng *pagsasandig* (scaffolding), *pagmomodelo* (modeling), *pag-uulit* (repetition), at *interaktibong estratehiya* sa *video-based* na pagtuturo ay nagiging mas epektibo kapag sinusuportahan ng malinaw, makabuluhan, at karanasang nakabatay na bokabularyo. Ipinahihiwatig nito na ang paglinang ng wika sa pagtuturo ay hindi lamang nakasalalay sa mga teknik o pamamaraan kundi sa kalidad ng diskursong ginagamit ng guro. Ang malinaw at angkop na paggamit ng wika ay nagsisilbing daluyan ng pag-unawa, nakapagpapataas ng antas ng pakikilahok ng mag-aaral, at nagpapatibay ng pagkatuto.

Ipinapahiwatig nito na ang pedagohikal na paglinang ng wika ay hindi lamang nakasalalay sa estratehiya kundi sa kalidad at angkop na paggamit ng wika sa konteksto ng digital na pagtuturo. Ang wasto at malinaw na paggamit ng wika ay nagpapadali sa pagkatuto, nagpapalakas ng *engagement*, at nagpapatibay sa pag- unawa ng mag-aaral. Ang ganitong natuklasan ay nangangahulugan na mahalaga ang pagsasanay ng mga guro sa pedagohikal na paggamit ng wika sa dihital na aralin. Makakatulong ito sa pagpapalawak ng kaalaman ng mag-aaral, pagpapahusay ng komunikasyon sa *online* at *blended learning,* at pagpapaigting ng responsableng paggamit ng wika sa digital na espasyo.

Ang implikasyong ito ay sinusuportahan ng teorya ni Dweck (2006) hinggil sa pag-iisip na nakatuon sa pag-unlad *(growth mindset*), kung saan ang malinaw, positibo, at makahulugang komunikasyon ay nakatutulong sa paghubog ng kumpiyansa at motibasyon ng mag-aaral. Gayundin, ipinahihiwatig ni Fairclough (2015) na ang wika ay may kapangyarihang humubog ng pananaw at gawi; kaya't ang responsableng paggamit ng wika sa dihital na aralin ay mahalaga sa pagpapaunlad ng kritikal at etikal na literasiya ng mag-aaral. Dahil dito, lumilitaw ang pangangailangang isama sa pagsasanay ng guro ang pedagohikal na paggamit ng wika sa digital na konteksto, lalo na sa *online* at *blended learning*.

**Edukasyong Pangmidya.** Sa usapin naman ng edukasyong pangmidya, natuklasan na ang mga serye ng workshop at modyul sa pagsasanay ay hindi lamang nakatuon sa teknikal na kasanayan sa paglikha ng digital na nilalaman, kundi nagsisilbi ring mekanismo sa pagpapatibay ng awtoridad, kredibilidad, at propesyonal na identidad ng guro bilang tagalikha ng nilalaman sa digital na espasyo. Ang pagsasanay na ito ay nagtataguyod ng etikal at makabuluhang paggamit ng social media sa edukasyon, nagpapabuti sa kalidad ng *online* at *blended instruction*, at nagbibigay-daan sa guro na makipag-ugnayan sa mas malawak at inklusibong *audience.* Pinapalakas din nito ang *media literacy* at *digital competence* ng buong *teaching force*.

Ipinahihiwatig nito na ang edukasyong pangmidya ay hindi lamang usapin ng paggamit ng teknolohiya, kundi ng pagbibigay-kapangyarihan sa guro upang maging mapanuri, etikal, at responsable sa pakikilahok sa *online* na diskurso. Ang guro ay nagiging tagapagdala ng kaalaman at mapagkakatiwalaang *creator* ng makabuluhang nilalaman para sa iba't ibang *audience.*

Ang ganitong pananaw ay umaayon sa konsepto ni Wenger (1998) hinggil sa *community of practice*, kung saan ang aktibong pakikilahok sa mga dihital na plataporma ay nagiging daluyan ng kolektibong pagkatuto at paghubog ng identidad propesyonal. Dagdag pa rito, binibigyang-diin nina Bond et al. (2018) na ang integrasyon ng pedagohiya at dihital na midya sa propesyonal na pag-unlad ng guro ay nakatutulong sa pagpapabuti ng kalidad ng *online* at pinagsamang pagtuturo. Sa kabuuan, ipinakikita ng mga natuklasan na ang pagpapalakas ng *media literacy* at *digital* na kakayahan ng mga guro ay may direktang implikasyon sa pagbuo ng inklusibo, mapagkakatiwalaan, at makabuluhang kapaligiran ng pagkatuto sa digital na panahon.

## 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa isinagawang pagsusuri ng limang video ng mga gurong influencer, lumitaw ang ilang mahahalagang natuklasan kaugnay sa layunin ng pag-aaral. Una, malinaw na ang bokabularyo at diskurso ng mga guro ay nagtataglay ng *expressive, relational*, at *experiential values,* na nagpapakita ng personal, emosyonal, at ideolohikal na pagkakaugnay sa kanilang audience. Pangalawa, ang mga gurong *influencer* ay epektibong gumagamit ng metapora at *language play* upang gawing mas *relatable*, *engaging*, at *multisensory* ang kanilang pagtuturo.

Pangatlo, lumitaw ang makabuluhang integrasyon ng pedagohiya at digital na midya, kung saan ang *scaffolding, modeling, repetition*, at *interactive strategies* ay malinaw na ipinapakita sa *video content*, na naglalapit sa tradisyunal na silid-aralan sa dihital na espasyo. Panghuli, ang mga gurong *influencer* ay nagtataguyod ng malapit na ugnayan sa *audience* at nagpapakita ng kredibilidad at awtoridad sa kanilang mga larangan, na nakatutulong sa pagpapaunlad ng kasanayang pangwika at pangmidya ng mga manonood.

Inirerekomenda na higit pang isaalang-alang ng mga guro at institusyong pang-edukasyon ang integrasyon ng dihital na midya sa pagtuturo ng wika at panitikan bilang komplementaryo sa tradisyunal na silid-aralan. Mahalaga na sanayin ang mga guro sa sinadyang paggamit ng *expressive, relational,* at *experiential* na bokabularyo upang mapalakas ang ugnayan sa mga mag-aaral at mapanatili ang kanilang interes at partisipasyon, lalo na sa *online learning environments*. Inirerekomenda rin ang sistematikong paggamit ng *metaphors, language play,* at *multimodal* na estratehiya sa pagtuturo upang gawing mas kongkreto, makabuluhan, at *multisensory* ang mga abstraktong konsepto sa wika at panitikan. Bukod dito, dapat hikayatin ang pagbuo ng mga pedagohikal na bidyo, *digital modules*, at *interactive learning materials* na nagpapakita ng *scaffolding, modeling*, at *repetition* bilang mabisang estratehiya sa pagkatuto. Sa antas ng kurikulum at polisiya, mainam na isama ang *digital pedagogy* at *media literacy* sa mga *teacher education* at *in-service training programs* upang maihanda ang mga guro sa lumalawak na papel ng pagtuturo sa dihital na espasyo. Sa kabuuan, ang paggamit ng wika, pedagohiya, at teknolohiya ay inaasahang mag-aambag sa mas inklusibo, makabuluhan, at napapanahong edukasyong pangwika at pangmidya.

## 5. Talasanggunian


Abidin, C. (2021). Mapping Internet celebrity on TikTok: Exploring attention economies and *visibility labours*. Cultural Science Journal, 12(1), 77–103 https://doi.org/10.5334/csci.140

Anderson, T. (2008). *The theory and practice of online learning* (2nd ed.). AU Press.

Bond, M., Marín, V. I., Dolch, C., Bedenlier, S., & Zawacki-Richter, O. (2018). *Digital transformation in teaching and learning at higher education institutions: A systematic literature review*. Computers & Education, 126, 1–14. https://doi.org/10.1016/j.compedu.2018.07.013

Boyd, d. (2014). *It's complicated: The social lives of networked teens*. Yale University Press.

Brookfield, S. D. (2013). *Powerful techniques for teaching adults*. Jossey-Bass.

Bruner, J. S. (1960). *The process of education*. Harvard University Press.

Burgess, J., & Green, J. (2018). *YouTube: Online video and participatory culture* (2nd ed.). Polity Press.

Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2000). The "what" and "why" of goal pursuits: Human needs and the self-determination of behavior. *Psychological Inquiry, 11*(4), 227–268. https://doi.org/10.1207/S15327965PLI1104_01

Department of Education. (2020). *Digital literacy framework*. Department of Education, Philippines.

Dweck, C. S. (2006). *Mindset: The new psychology of success*. Random House.

Eisner, E. W. (2002). *The arts and the creation of mind*. Yale University Press.

Fairclough, N. (1992). *Discourse and social change*. Polity Press.

Fairclough, N. (1995). *Critical discourse analysis: The critical study of language*. Longman.

Fairclough, N. (2015). *Language and power* (3rd ed.). Routledge.

Freire, P. (1970). *Pedagogy of the oppressed*. Continuum.

Gee, J. P. (2004). *Situated language and learning: A critique of traditional schooling*. Routledge.

Halliday, M. A. K. (1994). *An introduction to functional grammar* (2nd ed.). Edward Arnold.

Hattie, J., & Timperley, H. (2007). The power of feedback. *Review of Educational Research, 77*(1), 81–112. https://doi.org/10.3102/003465430298487

Herring, S. C. (2004). Computer-mediated discourse analysis: An approach to researching online behavior. In S. A. Barab, R. Kling, & J. H. Gray (Eds.), *Designing for virtual communities in the service of learning* (pp. 338–376). Cambridge University Press.

Herring, S. C. (2013). Discourse in Web 2.0: Familiar, reconfigured, and emergent. In D. Tannen & A. M. Trester

(Eds.), *Discourse 2.0: Language and new media* (pp. 1–25). Georgetown University Press.

Kolb, D. A. (1984). *Experiential learning: Experience as the source of learning and development*. Prentice Hall.

Kress, G., & van Leeuwen, T. (2006). *Reading images: The grammar of visual design* (2nd ed.). Routledge.

Ladson-Billings, G. (1995). Toward a theory of culturally relevant pedagogy. *American Educational Research Journal, 32*(3), 465–491. https://doi.org/10.3102/00028312032003465

Lakoff, G., & Johnson, M. (1980). *Metaphors we live by*. University of Chicago Press.

Lave, J., & Wenger, E. (1991). *Situated learning: Legitimate peripheral participation*. Cambridge University Press.

Republic Act No. 10175. (2012). *Cybercrime Prevention Act of 2012*. Official Gazette of the Republic of the Philippines.

Reyes, R. M. (2022). Influencer culture and digital pedagogy in the Philippine context. *Philippine Journal of Education, 101*(2), 45–63.

Salmon, G. (2000). *E-moderating: The key to teaching and learning online*. Kogan Page.

Shulman, L. S. (1987). Knowledge and teaching: Foundations of the new reform. *Harvard Educational Review, 57*(1), 1–22. https://doi.org/10.17763/haer.57.1.j463w79r56455411

Tafesse, W., & Wood, B. P. (2021). Followers' engagement with Instagram influencers: The role of influencers' content and engagement strategy. *Journal of Retailing and Consumer Services, 58*, 102303. https://doi.org/10.1016/j.jretconser.2020.102303

Thurlow, C., Lengel, L., & Tomic, A. (2004). *Computer mediated communication: Social interaction and the Internet*. Sage Publications.

van Dijk, T. A. (2008). *Discourse and power*. Palgrave Macmillan.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.

Wenger, E. (1998). *Communities of practice: Learning, meaning, and identity*. Cambridge University Press.